# 8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 2

Aralin

4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 2: Aralin 4 (Linggo 4)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong Panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Angelita F. Aquino (Vicente P. Trinidad national High School)

**Tagasuri:**
- Amabel T. Siason (West Visayas State University)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagiging mapagpasalamat sa Diyos sa tulong ng pamilya at kapuwa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng pasasalamat sa Diyos na natutuhan mula sa pamilya at kapuwa upang malinang ang pagiging mapagkumbaba. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>Naisasabuhay ang pagiging mapagkumbaba sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan sa kapuwa bilang indikasyon ng pasasalamat sa Diyos.<br>a. Nakapagpapahayag ng mga paraan ng pasasalamat sa Diyos mula sa natutuhan sa pamilya at kapuwa.<br>b. Naipaliliwanag na ang pagiging mapagpasalamat sa Diyos sa tulong ng pamilya at kapuwa ay pagkilala sa biyayang tinatamasa.<br>c. Nailalapat ang mga paraan ng pasasalamat sa Diyos na natutuhan mula sa pamilya at kapuwa. |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be developed)** | ***Mapagkumbaba (Humility)*** |
| **E. Nilalaman** | Pagiging Mapagpasalamat sa Diyos sa Tulong ng Pamilya at Kapuwa |
| **F. Integrasyon** | |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Constantino, Y. (2022, November 9). *Salamat - Yeng Constantino (Lyrics).* YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=xOkBD4uPkcw


Dequia, N. (2022, October 9). Magpasalamat sa Diyos. VeritasPH. https://www.veritasph.net/magpasalamat-sa-diyos/

*Manatiling Mapagpakumbaba.* (n.d.). Retrieved May 4, 2024, from https://www.facebook.com/100083079733749/posts/107730095237957/

*Mga Paraan ng Pasasalamat sa Diyos sa Mga Biyayang Natatanggap ng Pamilya | OurHappySchool.* (n.d.). https://ourhappyschool.com/Mga-Paraan-ng-Pasasalamat-sa-Diyos-sa-Mga-Biyayang-Natatanggap-ng-Pamilya

Mga Kawikaan 14:20-22 (MBBTAG). (n.d.). https://www.biblegateway.com/passage/?search=Mga%20Kawikaan%2014%3A20-22%2CProverbs%2014%3A20-22&version=MBBTAG;NIV

Ordiales, I. (n.d.). *Ang Misyon ng Pamilya sa Paghubog ng Panananampalataya.* https://ianordiales.blogspot.com/2016/07/ang-misyon-ng-pamilya-sa-paghubog-ng.html
Speak Life (2021, September 17). *Mr Thankful || A Harvest Short Film*. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=lXYy4W5wAfM
Tagalog Lang (2024, April 26). *MAPAGKUMBABA*. https://www.tagaloglang.com/mapagkumbaba/
Uchtdorf, P. D. F. (n.d.). *Pagtanaw ng Utang-na-Loob, Pasasalamat.* https://www.churchofjesuschrist.org/study/manual/gospel-topics/gratitude?lang=tgl

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral (mula sa nakaraang aralin)**<br>Ano ang mahalagang biyayang natanggap mo mula sa iyong pamilya Gumuhit ng isang hugis na puso at isulat sa loob nito ang iyong sagot. Pagkatapos ay sagutin ang tanong sa ibaba.<br><br>**Tanong :**<br>Paano mo binibigyang-halaga ang kabutihang dulot ng pamilya?<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | |

<table>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>

1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>
Basahin ang pangungusap. Tukuyin kung ito ay nagpapakita ng pagpapakumbaba. I-shade ang bilog ng TAMA kung opo ang sagot at I-shade naman ang MALI kung ang sagot ay hindi po.

<table>
<tr><td>Tama</td><td>Mali</td><td></td></tr>
<tr><td>○</td><td>○</td><td>1. Tinanggihan ni Crista ang alok na pagkain ng kaniyang kaklase dahil mumurahin at simpleng pagkain lamang ito.</td></tr>
<tr><td>○</td><td>○</td><td>2. Kaagad humingi ng paumanhin si Ginang Espiritu sa tagalinis ng kanilang opisina dahil sa hindi sinasadyang pagkatabig nito sa baso ng juice na kaniyang iniinuman.</td></tr>
<tr><td>○</td><td>○</td><td>3. Tinanghal na kampeon sa English Spelling Bee si Gio dahilan kung bakit madalas ay pinagtatawanan niya ang kaniyang mga kaklase sa tuwing magkakamali ang mga ito sa spelling.</td></tr>
<tr><td>○</td><td>○</td><td>4. Bagamat laging Top 1 sa klase, bukas pa rin si Gab sa pakikinig sa suhestiyon ng kaniyang mga kaklase upang mapaganda pa ang kanilang proyekto.</td></tr>
<tr><td>○</td><td>○</td><td>5. Nilinis agad ni Trisha ang kusina kung saan siya nagluto dahil para sa kaniya hindi lahat ng gawain ay dapat iasa sa kanilang kasambahay.</td></tr>
</table>

Tanong: Bakit mahalaga ang pagpapakumbaba?

2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br>
Panuto: Bumuo ng makabuluhang pangungusap gamit ang mga salitang nakasulat sa ibaba.<br>
● Mapagpakumbaba - nangangahulugan ng kababaang-loob<br>
● Mapagpasalamat - ang pagpapasalamat ay gawi ng isang taong mapagpasalamat; ang pagiging handa sa pagpapamalas ng pagpapahalaga sa taong gumawa sa kaniya ng kabutihang-loob. Ito rin ay ang pagkakaroon ng masigla at magiliw na pakiramdam tungo sa taong gumawa ng kabutihan.<br>
● Kabutihan - ang kalidad ng pagiging mabait, mapagbigay, o nakatutulong sa iba, na may positibong epekto o resultang nakapagdudulot ng kapakinabangan sa tao.

</td>
<td>

Sagot:<br>
1. MALI<br>
2. TAMA<br>
3. MALI<br>
4. TAMA<br>
5. TAMA

Bibigyan ng diin ng guro ang kahalagahan ng pagpapakumbaba. Maaari niyang hingan ng iba pang halimbawa ng pagpapakumbaba ang mga mag-aaral.

</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Pagkilala sa mga Biyayang Tinatamasa**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Panuto: Panoorin ang maikling bidyo na ito at sagutin ang mga tanong na nakasulat sa ibaba.<br><br>***Mr. Thankful \|\| A Harvest Short Film***<br>https://www.youtube.com/watch?v=lXYy4W5wAfM<br><br>**Tanong:**<br>1. Ano ang tema ng bidyo?<br>____________________<br>2. Paano mo ilalarawan ang lalaki sa bidyo?<br>____________________<br>3. Ano-ano ang mga bagay o pangyayari na kaniyang pinasasalamatan?<br>____________________<br>4. Naranasan mo na rin ba ang magbigay ng pasasalamat? Ibahagi mo ang karanasang ito sa buong klase.<br>____________________<br>5. Ano-ano ang iyong mga ipinagpapasalamat sa Diyos?<br>____________________<br><br>Maraming bagay ang ipinagpapasalamat ng isang tao. Ito ay pag-uugali na nagpapasigla at nagpapadakila. Mas masaya ang mga tao kapag may pasasalamat sa kanilang mga puso. Hindi makadarama ng pait, galit, o kawalang-malasakit kapag sila ay mapagpasalamat.<br>Dapat nating ipagpasalamat ang napakagagandang pagpapalang bigay sa atin at ang napakalaking mga oportunidad na mayroon tayo. Maaari tayong | Ang *bidyo* ay tatagal ng 2:25 minuto. Tungkol ito sa taong laging nagpapasalamat kahit sa maliliit na bagay o biyayang dumarating sa kaniyang buhay. Kung hindi maipapapanood ng guro ang bidyo, maaari na lang niyang ibahagi ito sa pamamagitan ng pagkukuwento o *story telling* na gagamitan ng mga larawan.<br><br>Maglalaan ng 15 minuto para sa gawaing ito |

magpasalamat sa ating mga magulang, pamilya, kaibigan, at guro. Dapat tayong magpasalamat sa lahat ng tao na tumulong sa atin sa anumang paraan.

Dapat nating pasalamatan ang ating Ama sa Langit para sa Kanyang kabutihan sa atin sa pamamagitan ng pagkilala sa Kanyang kapangyarihan sa lahat ng bagay, pinasasalamatan Siya sa lahat ng ibinibigay Niya sa atin, sinusunod ang Kanyang mga utos, at naglilingkod sa iba. (Uchtdorf, n.d.)

Ayon kay Bishop Pabillo marami ang dapat na ipagpasalamat ng sangkatauhan sa Panginoon tulad ng biyaya ng buhay, pamilya, kabuhayan at iba pang kaloob na ipinagkatiwala ng Diyos sa tao.

"Ang dami nating ipasasalamat sa Diyos – ang buhay natin, ang ating kalusugan, ang ating trabaho,ang ating pamilya. Higit sa lahat, ipinapasalamat natin ang pagmamahal ng Diyos sa atin, ang salita ng Diyos na pagkain ng ating kaluluwa. Nagsisimba tayo kasi tayo ay nagpapasalamat," ayon kay Bishop Pabillo. (Dequia, 2022)

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Awit- Suri**

**Panuto:** Ang Awit ay may pamagat na Salamat na inawit ni Yeng Constantino**.** Basahing mabuti ang liriko ng awit at sagutan ang mga katanungan sa ibaba.

| | |
|---|---|
| **SALAMAT**<br>Yeng Constantino<br><br>Kung ito man ang huling awiting aawitin<br>Nais kong malaman mong ika'y bahagi na ng buhay ko<br>At kung may huling sasabihin<br>Nais kong sambitin, nilagyan mo ng kulay ang mundo<br>Kasama kitang lumuha<br>Dahil sa'yo ako'y may pag-asa<br><br>Ang awiting ito'y para sa'yo<br>At kung maubos ang tinig, di magsisisi<br>Dahil iyong narinig mula sa labi ko<br>Salamat, salamat. Haaaa.. yeah yeah | Lagi kang naroroon, humihiling ng pagkakataon<br>Nasabi ko sa'yo ng harapan<br>Kung gaano kita kailangan<br><br>Ang awiting ito'y para sa'yo<br>At kung maubos ang tinig, di magsisisi<br>Dahil iyong narinig mula sa labi ko<br>Salamat, salamat. Haaaa.. yeah yeah<br><br>Ito na ang pagkakataon<br>Walang masasayang na panahon<br>Mananatili ka sa puso ko kailanman |

**Awit- Suri**

Maaaring ipapanood o iparinig sa mga mag-aaral ang bidyo ng awit. Ang *link* ay matatagpuan sa Batayang Sanggunian ng Pagkatuto.




Maglalaan ng 20 minuto para sa gawaing ito

| | | |
|---|---|---|
| | <table><tr><td>Sanay iyong marinig, tibok ng damdamin<br>Ikaw ay mahalaga sa akin, ang awitin ko'y iyong dinggin<br>At kung marinig ang panalangin</td><td>Para sa'yo ako'y lalaban, ako'y lalaban<br>Ang awiting ito'y para sa'yo<br>At kung maubos ang tinig, di magsisisi<br>Dahil iyong narinig mula sa labi ko<br>Salamat, salamat<br>(repeat 2x)</td></tr></table><br>**Tanong:**<br>1. Ano ang mensahe ng awit?<br>____________________<br>2. Ano ang mga dahilan ng pasasalamat ng umawit?<br>____________________<br>3. Kung ikaw ang umaawit, para kanino mo iniaalay ang awiting ito?<br>____________________<br>4. Bakit nagpapasalamat ka sa Diyos?<br>____________________<br>5. Bakit mahalagang maging mapagpasalamat sa lahat ng oras, hindi lang sa Diyos kundi sa lahat ng taong nakatulong sa iyo?<br>____________________<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**REPLEKSIYON**<br>**Panuto:** Paano ka nagpapasalamat sa Diyos para sa lahat ng biyayang tinatamasa mo at ng iyong pamilya? Sumulat ng isang repleksiyon tungkol dito.<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>**Prosesong Tanong**:<br>1. Ano-ano ang mga biyayang tinatamasa mo at ng iyong pamilya? Isa-isahin ang mga ito.<br>____________________ | Maglalaan ng 15 minuto para sa gawaing ito |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Ano ang naramdaman mo sa tuwing nakatatanggap ka ng mga biyaya mula sa Diyos?<br>________________________________________<br>3. Naibabahagi mo rin ba ang mga biyayang ito sa iba? Sa papaanong paraan?<br>________________________________________<br>4. Bakit mahalagang pagmalasakitan ang biyaya ng Diyos?<br>________________________________________<br>5. Tama lang ba na ipagyabang mo ang biyayang tinatamasa mula sa Diyos? Opo o Hindi po. Pangatuwiranan ang iyong sagot.?<br>________________________________________<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 2: Paglalapat ng mga Paraan ng Pasasalamat sa Diyos Mula sa Natutuhan sa Pamilya at Kapuwa**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>"Ang taong mahirap kadalasa'y tinatalikuran, ngunit ang mayaman ay maraming kaibigan." (Mga Kawikaan 14:20-22 (MBBTAG), n.d.)<br>Marahil isa ito sa mga dahilan kung bakit maraming tao ang ipinagmamalaki ang mga biyayang kanilang natatanggap. Ngunit ang ilan sa mga ito ay kanilang nagagamit para magkamit ng kapangyarihan, o impluwensiya, at katanyagan na magpapakilala sa kanila sa lipunan.<br>Ang yaman na ating tinatamasa ay galing sa Diyos. Oo, tayo ay nagsikap upang magkaroon ng magandang buhay ngunit laging tandaan na ang buhay, katalinuhan, talento at kalakasan mo na siyang naging instrumento upang magtagumpay ay mga biyayang galing sa Diyos. Kailanman ay hindi natin dapat ipagmayabang ang biyayang ating natatanggap mula sa Diyos, bagkus ito ay gamitin natin upang maibahagi ang kaniyang kabutihan sa iba. Halimbawa nito ay ang pagbibigay ng tulong sa mga mahihirap at nangangailangan. Manatili tayong mapagpasalamat at mapagkumbaba sa kabila ng mga tagumpay na naaabot natin sa buhay.<br>Ano-ano nga ba ang mga katangian ng taong mapagkumbaba?<br>Ang taong mapagkumbaba ay<br>● mahaba ang pasensiya;<br>● madaling magpatawad;<br>● hindi mapangmata o mapanlait sa kapuwa;<br>● hindi ipinagmamayabang ang kaniyang yaman katulad ng pera, magarang bahay, kotse, gamit, at iba pa, bagkus tahimik na ibinabahagi kung ano ang | Tumawag ng mga mag-aaral na makapagbibigay ng halimbawa sa bawat katangiang nabanggit. |

| | | |
|---|---|---|
| | mayroon siya;<br>● marunong tumanggap ng pagkakamali; at<br>● masunurin sa Diyos. Marunong siyang magpasalamat kahit sa simpleng bagay na kaniyang natatanggap.<br>(*Manatiling Mapagpakumbaba*, n.d.)<br><br>**Itanong:** Ikaw ba ay isang taong mapagpakumbaba? Paano mo ito naisasabuhay?<br>Ang pagiging mapagkumbaba din ang isang dahilan kung bakit tayo natututong magpasalamat sa Diyos at sa mga taong nagbibigay sa atin ng tulong. Kadalasan ang paraan ng ating pasasalamat sa Diyos ay nagmula sa ating pamilya. Kung ano ang nakikita natin sa ating pamilya, iyon din ang ating ginagawa. Maaari rin naman na mula ito sa mga nasasaksihan natin sa lipunang kinabibilangan. Mahalaga na magpasalamat sa Diyos sa mga biyayang patuloy na ibinibigay sa atin. Sa bawat araw, may mga bagong pagkakataon tayong magpasalamat para sa lahat ng ating tinatamasa. Ngunit paano nga ba natin maipapahayag ang ating pasasalamat sa Diyos?<br>Narito ang ilang mga paraan kung paano natin maaaring gawin ito: (Mga Paraan Ng Pasasalamat Sa Diyos Sa Mga Biyayang Natatanggap Ng Pamilya \| OurHappySchool, n.d.)<br><br>1. **Panalangin**<br>Ang pinakamadaling paraan upang ipakita ang pasasalamat sa Diyos ay sa pamamagitan ng panalangin. Tuwing umaga, gabi, o anumang oras, maaari tayong manalangin at magpasalamat sa mga biyayang natatanggap natin. Ang ating pananalangin ay dapat tapat at taos sa ating puso. Huwag itong gawing katatawanan o pakitang-tao lamang. Gawin itong seryosong pakikipag-usap sa Diyos na siyang tunay na nagmamahal at kumakalinga sa atin.<br><br>2. **Pagtulong sa Iba**<br>Isa pang paraan ng pasasalamat ay ang pagtulong sa iba. Kapag tayo ay nagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan, ito ay isang paraan ng pagpapasalamat sa Diyos sa pamamagitan ng pag-aabot ng tulong at pagmamalasakit sa ibang tao. Ang tunay na esensiya ng pagtulong ay ang pagmamahal. Mahal mo ang kapuwa mo kaya ikaw ay bukas sa pagtulong sa kaniya. Ang pagtulong na ito ay hindi dapat maghintay ng anumang kapalit o bayad mula sa pinagbigyan nito. Wala ring edad ang pagtulong. Kahit bata ay maaaring makapag-abot ng tulong dahil ang pagtulong ay hindi lamang sa | Bigyan ng dalawang minuto ang mga mag-aaral upang kanilang mabalikan ang mga pagkakataong siya ay naging mapagpakumbaba<br>Pagkatapos ay tumawag ng mga mag-aaral upang maibahagi sa buong klase ang kanilang sagot. |

aspekto ng materyal o pinansiyal. Ito ay maaaring nasa anyo ng pagbibigay ng oras, pakikinig, pakikilahok, at pagbibigay ng saya.

3. **Pagiging Maayos na Mamamayan**
Ang pagiging responsable at maayos na mamamayan ay isa rin sa mga paraan ng pasasalamat. Kapag tayo ay sumusunod sa mga batas, nagbabayad ng tamang buwis, at nakikilahok sa mga gawain ng komunidad, tayo ay nagpapakita ng pagrespeto at pasasalamat sa Diyos.

4. **Pag-aalaga sa Kalikasan**
Ang kalikasan ay isa sa mga malalaking biyayang ibinibigay sa atin ng Diyos. Ang pag-aalaga sa kalikasan at pagiging responsable sa paggamit ng mga likas na yaman ay isang paraan ng pasasalamat. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga *eco-friendly* na hakbang, nagpapakita tayo ng pagpapahalaga sa biyayang ito.

5. **Pagiging Mabuting Halimbawa**
Ang pagiging mabuting halimbawa sa iba ay isa rin sa mga paraan ng pasasalamat. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng mabuting asal, pagiging matulungin, at pagpapakumbaba, tayo ay nagpapakita ng pasasalamat sa Diyos sa pamamagitan ng pagiging inspirasyon sa iba.

Ang pasasalamat sa Diyos ay hindi lamang dapat ipinakikita sa mga salita kundi sa mga gawa at kilos na nagpapakita ng ating pagpapahalaga sa lahat ng biyayang ating tinatamasa. Ang bawat paraan ng pasasalamat ay nagpapakita ng ating pagkilala sa Diyos bilang pinagmumulan ng lahat ng biyaya. Sa bawat araw, may mga pagkakataon tayong magpasalamat sa Diyos sa pamamagitan ng mga simpleng paraan na ito.
Ayon kay Sean Covey, kung ang isang pamilya ay maglalaan 10-15 minuto sa tuwing umaga sa pagbabasa ng mga babasahin na mag-uugnay sa inyo at sa Diyos (tulad ng Bibiliya para sa mga Kristiyano o Qu'ran para sa mga Muslim), makatitiyak na ang mga pagpapasiyang isasagawa ay mabuti, mas magiging makabuluhan sa pag-iisip, mas magiging mahusay ang pakikitungo sa kapuwa, mas magiging maayos ang mga binubuong pananaw, magkakaroon ng sapat na kakayahan na mag-isip muna bago gumawa ng kilos o tumugon sa situwasyon, mas magiging malapit ang ugnayan sa mga bagay o tao na tunay na mahalaga sa

| | | |
|---|---|---|
| | iyo, at higit sa lahat mas magiging matibay ang ugnayan ng buong pamilya (Ordiales, n.d.).<br>Sa tulong ng pamilya, ang tao ay nagkakaroon ng mabuting ugnayan sa Diyos. Na makikita sa pamumuhay ng isang tao, sa kaniyang pagiging madasalin, mabuti, at mapagpasalamat sa kapuwa, lalo't higit sa Diyos.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Pagsusuri ng Situwasyon**<br>**Panuto:** Paano mo maisasabuhay ang pagpapakumbaba sa sumusunod na mga situwasyon.<br><br>1. Hiniram ng kapatid mo ang iyong *cellphone* na gagamitin daw nila sa paggawa ng kanilang proyekto sa paaralan. Ngunit pag-uwi niya galing paaralan ay hindi na niya dala ito dahil nawala habang sila ay abala sa pag re-rekord ng bidyo. Umiiyak siyang humihingi ng tawad sa iyo at nagsasabi na hindi niya sinasadya ang nangyari.<br><br>Paano mo maisasabuhay ang pagpapakumbaba sa mga sandalling ito?<br>________________________________________<br><br>2. Dahil sa husay at galing, ipinadala ng pinagtatrabahuang kompanya ang iyong ama upang mamahala sa isang opisina nila sa America bilang *Chief Executive Officer (CEO).* Halos tatlong beses ang itinaas ng suweldo ng iyong ama dahil sa *promotion* na ito.<br><br>Paano mo at ng iyong pamilya patuloy na isasabuhay ang pagpapakumbaba sa gitna ng pag-unlad na nagaganap sa inyong buhay?<br>________________________________________<br><br>**Pamprosesong Tanong:**<br>Bakit mahalaga ang maging mapagkumbaba? Ano ang magandang dulot nito sa iyong buhay?<br>________________________________________<br>________________________________________ | Maglalaan ng 15 minuto para sa gawaing ito |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>3. Paglalapat at Pag-uugnay<br>Salamat Po!<br>Panuto: Bukod sa pagsasabi ng “salamat po”, natutuhan mo mula sa aralin na ito ang maraming paraan upang magpasalamat sa Diyos. Magdikit ka ng larawan ng inyong pamilya o ninyong magkakaibigan na nagpapakita ng pasasalamat sa Diyos. Magkuwento ka tungkol dito.<br>Prosesong Tanong:<br>___________________________________________<br>___________________________________________<br>___________________________________________<br>1. Paanong ang larawan ay nagpapakita ng pasasalamat sa Diyos?<br>___________________________________________<br>2. Paano nakatutulong ang iyong pamilya o mga kaibigan sa iyong pagiging mapagpasalamat?<br>___________________________________________<br>3. Sa paanong paraan mo maipapakita ang pasasalamat sa Diyos sa araw-araw?<br>___________________________________________<br>4. Paano ka magsisilbi bilang biyaya sa iyong kapuwa dahilan para sila ay magpasalamat din sa Diyos?<br>___________________________________________</td>
<td>Maglalaan ng 20 minuto para sa gawaing ito<br><br>Salamat Po!<br>Pagdalahin ng larawan o mga larawan ang mag-aaral bago ang ikatlong araw bilang paghahanda sa gawaing ito.</td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>IKAAPAT NA ARAW<br>1. Pabaong Pagkatuto<br>Bakit ang pagpapakumbaba ay nagiging paraan ng pagpapasalamat sa Diyos?<br>___________________________________________<br>___________________________________________<br>2. Pagninilay sa Pagkatuto</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Ano ang mga dapat ipagpasalamat natin sa Diyos?<br>______________________________________<br>______________________________________<br>Paano mo Siya pasasalamatan?<br>______________________________________<br>______________________________________ | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**I. Panuto:** Lagyan ng tsek (✓) ang patlang sa unahan ng bilang kung ang pangungusap ay tama.<br>_____ 1. Ang pagiging mapagkumbaba ang isang dahilan kung bakit tayo natututong magpasalamat sa Diyos at sa mga taong nagbibigay sa atin ng tulong.<br>_____ 2. Isa lamang ang pinanggagalingan ng buhay at kahusayan ng isang tao, iyon ay ang kaniyang sarili.<br>_____3. Ang isang maliit na tulong ay hindi na dapat pasalamatan dahil hindi naman malaki ang nagiging epekto nito sa ating pamumuhay.<br>_____4. Ang pasasalamat ay isang pag-uugali na nagpapasigla at nagpapadakila sa tao.<br>_____ 5. Sa tulong ng pamilya, ang tao ay nagkakaroon ng mabuting ugnayan sa Diyos.<br><br>II. Sumulat ng limang paraan upang maipakita mo ang pasasalamat sa Diyos.<br>6. ______________________________<br>7. ______________________________<br>8. ______________________________<br>9. ______________________________<br>10. ______________________________<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Ilista ang lahat ng bagay na nais mong ipagpasalamat sa Diyos. Bago matulog mamayang gabi ay mag-alay ng espesyal na panalangin sa Diyos. Banggitin ang lahat ng magagandang bagay o pangyayari o tao sa iyong buhay na gusto mong | Sagot:<br><br>1. ✓<br><br>2.<br><br>3.<br><br>4. ✓<br><br>5. ✓ |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">ipagpasalamat. Kahit ang simpleng pagpapala ay ipagpasalamat mo sa Kaniya. Sikaping makapagdasal ng tahimik at taos sa puso.</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br><br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br><br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | ▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |